

Mahal na mga magulang/tagapag-alaga,

Marahil ay alam na ninyo na lahat ng mga kawani ng paaralan ay kinakailangang mabakunahan ng dobleng dosis bago magsimula ang Term 1, 2022.

Ang Pamahalaan ng Estado ay naglabas ng [Education Worker \(Restrictions on Access\) Directions \(No. 4\)](#), na inilathala sa wa.gov.au. Kasama sa mga Direksyong ito ang mga kahingian sa pagbabakuna para sa mga bisitang pumapasok sa mga sityo ng paaralan.

Hindi kinakailangang mabakunahan ang mga mag-aaral.

Ang mga magulang/tagapag-alaga **ay hindi kinakailangang** mabakunahan kapag:

- nagbababa o sumusundo ng kanilang anak mula sa paaralan;
- nagboboluntaryo sa paaralan nang ad hoc basis;
- dumadalo sa isang kaganapan tulad ng isang pagpupulong o panayam ng guro/magulang; o
- pumapasok sa paaralan pagkatapos ng mga oras ng paaralan.

Ang ibig sabihin ng 'ad hoc basis' ay pagdalo sa hindi hihigit sa isang pasilidad ng edukasyon nang hindi hihigit sa isang beses bawat linggo.

Ang mga magulang/tagapag-alaga **ay kinakailangang** magpakita ng ebidensya ng pagbabakuna (nabakunahan ng isang dosis mula ika-1 ng Enero 2022 at nabakunahan ng dalawang dosis mula ika-31 ng Enero 2022) o may iksemsyon kapag:

- nagboboluntaryo sa paaralan nang higit sa isang beses sa isang linggo (kabilang dito ang pagboboluntaryo sa kantina ng paaralan, tindahan ng uniporme o sa programa ng literacy o numeracy sa loob ng klase);
- nagtatrabaho nang walang bayad sa paaralan nang higit sa isang beses sa isang linggo; o
- nakikilahok sa isang inendorsong programa sa paaralan kung saan kinakailangan ang pagdalo ng magulang (tulad ng KindiLink).

Ang mga sumusunod ay mga katanggap-tanggap na uri ng ebidensya ng pagbabakuna o iksemsyon sa COVID-19:

- nakasulat na kumpirmasyon ng pagbabakuna laban sa COVID-19 na inisyu ng Department of Health;
- ang COVID-19 digital certificate, na nagpapakita lamang ng inyong mga pagbabakuna laban sa COVID-19. May impormasyon ang Services Australia kung paano [kukunin ang inyong COVID-19 digital certificate](#);
- ang pahayag sa kasaysayan ng inyong pagbabakuna, na nagpapakita ng lahat ng inyong pagbabakuna. May impormasyon ang Services Australia kung paano [kukunin ang inyong pahayag sa kasaysayan ng inyong pagbabakuna](#);
- isang International COVID-19 Vaccination Certificate na inisyu ng Commonwealth Government. Ipinapakita nito ang pagbabakuna laban sa COVID-19 na nakatala sa Australian Immunisation Register;
- iksemsyong medikal na inisyu ng Australian Immunisation Register; o
- pansamantalang iksemsyon na ipinagkaloob ng WA Chief Health Officer.

Kami ay nakatuon sa pagtiyak na ang aming paaralan ay isang ligtas na lugar para sa COVID-19. Binigyan kami ng malinaw na direksyon kung ano ang kailangan naming gawin upang mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral, kasamahan sa trabaho

at ang ating komunidad. Kung mayroon kayong anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa 9461 2700.

Parents/ carers must wear a mask while in buildings.

Salamat sa inyong suporta.